

1

Unang araw ng simbang gabi...

Napilitan si Marge na gumising nang maaga upang magsimba dahil sa hiling ng isang kaibigan. Sakripisyo na sa kanya ang magising nang alas tres ng madaling-araw. Sa edad na beinte y cinco, hindi na siya naniniwala sa kasabihang kapag nabuo ng isang tao ang nine-day simbang gabi, matutupad ang hiling nito. Ano pa ba ang mahihiling niya? She has everything; beauty, brains and wealth. At higit sa lahat, isang matalik na kaibigan, kaya nga hindi siya makatanggi rito.

“Sana lang po, gising ka na, baka kasi tapos na ang misa pagdating natin d’on,” puna ni Lucy, ang best friend niya, nang palabas sila sa condo unit. Magkasama sila roon.

“Oo na. Wala namang isang oras ang tatakbuhin natin papunta sa simbahan,” aniya habang isinasara ang pinto.

“And who gave you the idea na tatakbo tayo? Kaya nga kita isasama para may driver ako.” Pinamaywangan siya nito nang sabihin iyon.

“Gan’on?” Nagkunwari pa siyang galit dito.

“Yes, kaya puwede ba, bilis-bilisan mo,” nagbibirong utos nito bago pakendeng na lumakad patungo sa elevator.

Nasa nineteenth floor sila ng isang high-rise condominium, ang *Essensa*. Milyones ang bili ni Marge sa kanyang unit, pero hindi niya gaanong ininda ang presyo dahil tinulungan siya ng ama. Her father was a general, kaya ang pinabili siya ng condo unit sa loob ng *Fort Bonifacio*. Ayaw pa nga siyang payagan na magsarili dahil malaki naman ang bahay nila sa *Forbes Park* sa Makati at dalawa lang silang magkapatid. Ang kuya niya ay may sariling pamilya na at ngayon ay naninirahan sa ibang bansa. Subalit mapilit siya kaya walang nagawa ang kanyang mga magulang kundi ang pagbigyan ang gusto niya.

Masasabi niyang fulfilled na siya as a woman although wala siyang boyfriend. Minsan, gusto niyang sisihin ang ama kung bakit hanggang ngayon, loveless pa rin siya. Sino ba namang matapang na lalaki ang haharap kay General Humberto Salcedo? Siya lang ang matapang na suwayin ito.

“Marge!” inip na tawag sa kanya ng kaibigan na nasa tapat na ng elevator.

“Pasalamat ka nga at nagising pa ako nang maaga,” nakangusong saad niya nang makalapit kay Lucy.

“Salamat, ha?” Pinakitaan pa siya nito ng plastik na ngiti.

“Yan, mabuti naman at nasabi mo. Alam mong malaking sakripisyo na sa 'kin ang magising nang maaga.” Bumukas ang pinto ng elevator at pumasok ang magkaibigan sa loob. Pinindot ni Lucy ang 'B' button, tanda na sa basement parking sila pupunta.

“May I remind you, my friend, when was the last time na nagsimba ka?” nakapamayyaw na harap nito sa kanya.

“Hmm....” Inilagay niya ang hintuturo sa sintido, wari'y nag-iisip.

“See, hindi mo na matandaan,” buska ni Lucy.

Hindi na nga matandaan ni Marge kung kailan siya huling nagsimba. She was a very busy person kaya nakakalimutan na niya ang obligasyon sa Panginoon.

“Magsisi ka na, my friend. Malay mo, kaya wala ka pang boyfriend dahil may plano ang Diyos na maglingkod ka sa Kanya.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Dumoble pa yata ang guhit sa noo niya dahil sa narinig.

“Malay mo, gusto Niyang magmadre ka,” seryosong pahayag ng kaibigan bagaman alam niyang pinipigil lang nitong matawa. Sino ang maniniwala na puwede siyang maging madre?

Sa ayos ni Marge ngayon, maluluma ang mga bakla. Ang kanyang lagpas-balikat na buhok ay sadya niyang pinakulot at pinalagyan ng highlights, nakasuot siya ng black pants at sleeveless t-shirt na hapit sa katawan, may nakatatak pa na ‘Kiss me’ sa likuran at may drawing ng babaeng naka-two-piece sa harapan. Sino ba ang mag-aakalang isa siyang kilalang businesswoman sa ayos niyang iyon?

“Hoy!” untag ni Lucy na hindi niya napansing nakalabas na pala ng elevator. “Huwag mong seryosohin ang sinabi ko.”

“Of course not!” piksing habol niya rito. “But I’m thinking, kapag umabot ako sa edad na treinta at wala pa rin akong nobyo, baka seryosohin ko na nga ang sinabi mo.”

Nagpatiuna na siya sa parking lot kung saan nakaparada ang sasakyan niya. Sariling pera ang kanyang ginamit upang ipambili ng sasakyan. Pero

siyempre, tiniyak pa rin ng kanyang ama that her documents were real. Minsan naiisip niyang wala itong tiwala sa kanya. Lahat na lang ng ginagawa niya, kailangang may approval nito.

“Kailan mo ba balak na palitan ’tong kotse mo?” imbyernang tanong ng kaibigan matapos na maupo sa loob ng kanyang *Honda City*.

“Hey, kabibili ko lang nito,” depensa niya. Hindi naman kasi kasing-mahal ng sasakyan nito ang kotse niya.

“Kabibili mo lang last year,” naaasar na pagtatama nito.

“Kung ayaw mong sumakay, bumaba ka na,” pikon na utos ni Marge na hindi pa rin ini-start ang ignition ng sasakyan.

“Hindi ka na mabiro, siguro meron ka ngayon.” Nakangiti na si Lucy nang balingan siya nito.

“Just shut up, okay?” Naiiling na pinaandar na niya ang sasakyan. Nagtataka siya sa sarili; ngayon lang siya nagsungit sa kausap. Mas madalas na siya ang nangungulit at gumagawa ng mga kabulastugan.

“Alam mo kung ano’ng hihilingin ko sakaling mabuo ko ang simbang gabi?” pa-suspense na

tanong nito.

“Ano?”

“Sana, magka-boyfriend ka na,” seryosong saad nito at ibinaling ang paningin sa labas ng sasakyan.

Napapangiting itinuon ni Marge ang atensyon sa kalsada. Alam niyang seryoso ang kaibigan. Wala rin itong suwerte pagdating sa mga lalaki but Lucy kept on trying, kahit kailan ay hindi ito nagalit sa mga iyon. Kahit sinabihan na niyang wala itong kadala-dala sa pakikipagrelasyon, sumige pa rin ito. Kalaunan, nasanay na siya na sa tuwing magkaka-boyfriend ito, wala pang ilang buwan, lalapit na ang babae sa kanya at iiyak sa balikat niya.

Binabagtas na nila ang daan patungo sa simbahan nang magtanong siya.

“Saan ba tayo, sa *Saint Michael*?” Ito ang pinakamalapit na chapel sa kanila.

“No. Sa *Holy Child* tayo,” sagot nito. Ang *Holy Child Chapel* ay nasa loob ng kampo ng mga Marines.

“Bakit d’on pa? Mas malapit ang *Saint Michael*,” giit niya bagaman nilagpasan na rin niya ang lugar na binanggit.

“Sa *Holy Child* talaga ako nagsisimba,” simpleng

sagot nito.

Kumunot ang noo niya. “What’s the big difference?”

“Don’t argue with me, you know that you can’t win.”

Napabuntunghiningang nanahimik na lang siya.

Nag-umpisa na ang misa nang dumating sila sa *Holy Child Chapel*. Ganito talaga kapag unang araw ng simbang gabi, punung-puno ang kapilya kaya hindi man lang silang nakapasok sa loob. Nagtiyaga na lang silang nakinig ng sermon ng pari sa labas gaya rin ng ibang parishioners.

“D’on na muna ako sa sasakyan,” bulong ni Marge sa kaibigan. Sa totoo lang, naiinip na talaga siya. Hindi niya matandaan kung nakatapos siya ng isang buong misa, likas talaga siyang mainipin sa lahat ng bagay.

“Sige,” sagot ni Lucy bago siya umalis sa tabi nito.

Mula sa kinatatayuan ay tanaw na niya ang pinaradahan ng kanyang sasakyan. Napahinto siya sa tapat ng motorsiklong naka-park katabi ng kotse

niya. What caught her attention was the body of the vehicle; it was not just an ordinary motorbike. Malaki ang kaha niyon at kasyang sumakay ang apat o higit pang katao.

Sa tingin niya, mas mahal pa ang naturang motor kesa sa halaga ng kotse niya. Hindi pa siya nasiyahan na basta pagmasdan lang ito, lumapit siya para makasiguro kung leather nga ang cover ng upuan niyon or just an ordinary synthetic. Hindi niya napigilang haplusin ito na animo'y kanya ang sasakyang iyon. She wanted to own a motorcycle, kahit nga scooter lang but her father didn't like the idea kaya nga kahit bike ay hindi siya binilhan nito. But now, she could afford to buy a motorbike.

Hindi na namalayan ni Marge na matagal na pala siyang nakatayo sa tabi ng motorsiklo at hindi pa rin naaalis ang kanyang kamay sa paghaplos dito. Nagulat na lang siya nang magtaas siya ng tingin ay nagtama ang mga mata nila ng lalaking papalapit sa gawi niya. Kunut na kunot ang noo nito, halatang hindi nagugustuhan ang pagkakadikit niya sa motoriklo.

But... oh, God! The man was a gorgeous hunk! Kalkula niya ay six-footer ito, muscular ang pangangatawan na hindi maitago ng suot nitong

turtleneck long-sleeved shirt at tight-fitting jeans, lagpas-balikat ang alun-alon nitong buhok na maayos na nakatali sa likod, he had a prominent nose and kissable lips. Plus factor pa ang kaputian nito na lalo pang tumingkad dahil sa blonde nitong buhok.

Napapalunok siya habang mataman itong pinagmamasdan na papalapit sa kanya.

Lalong napakunot-noo si Gilbert. Kung kanina, akala niya, isang teenager lang na nagkakursunada sa kanyang motorsiklo, ngayon ang tingin niya ay nasa mid-twenties na ito. Nagmukha lang itong bata dahil sa ayos ng pananamit. Lihim siyang napailing; may phobia na siya sa mga babaeng matangkad at kulot.

“Ehem!” Nagkunwari pa siyang nag-alis ng bara sa lalamunan para mapukaw ang atensyon ng babaeng nanatiling nakatingin sa kanya. “Excuse me, Miss,” aniya nang hindi pa rin ito tumitinag.

“H-ha?” Waring natauhan si Marge nang kausapin siya ng estranghero. Pakiwarin niya ay nagkaroon na siya ng stiff neck dahil sa katitingala sa mataas na lalaking nasa harapan na pala niya. Labis niyang pinagsisihan na hindi siya nakasuot ng high-heeled sandals. Kahit matangkad na siya sa

taas niyang five feet and six inches, nagmukha pa rin siyang duwende rito.

Hindi naman malaman ni Gilbert kung anong approach ang gagawin para hindi ma-offend ang babae. Tinuruan siya ng magulang niya kung paano maging gentleman at hindi niya puwedeng basta balewalain na lamang iyon.

“Sorry, ha?” tanging nasambit ni Marge at nagmamadaling tinungo ang sariling sasakyan. Kinapa niya ang susi ng *Honda City* sa kanyang black pants nang maalalang nasa kaibigan pala niya iyon dahil walang bulsa ang kanyang pantalon. Muli siyang napatingin sa lalaki at nakita niya ang nakakalokong ngiti nito.

Akala siguro nito, hindi sa kanya ang sasakyan dahil hindi siya makapasok sa loob. Gusto niyang manggigil sa sarili, she looked like a stupid girl na nakakita ng guwapong hombre. Hindi pa niya naramdaman na ma-attract sa guy na halos manginig ang kanyang tuhod o baka naman gutom lang siya.

Wala siyang magawa kundi ang maupo sa hood ng kotse niya. Ayaw na niyang bumalik sa chapel dahil papatapos na rin ang misa. Pinigil niya ang sarili na lumingon sa gawi ng lalaki, kahit pa manigas ang leeg niya sa tuwid na position ng kanyang ulo.

Nang sa wakas ay natapos na rin ang misa. Nag-umpisang magsialisan ang mga tao sa chapel. Nakita niyang sumakay ang lalaki sa motorsiklo at pinaharurot iyon palayo sa lugar. Ito pala ang may-ari ng sasakyan; kung hindi ba ay lalapitan kaya siya nito?

“Ba’t ba ang tagal mo?” iritadong tanong niya kay Lucy nang makabalik ito sa kinapaparadahan ng kanyang kotse.

“Bakit ba ang sungit mo? Don’t worry, hindi na ako magpapasama sa ’yo bukas.” Wari’y nagtatampong iniabot nito ang susi sa kanya.

Ano nga ba ang ikinaiinis ni Marge? Naiinis siya dahil binalak niyang sundan ang lalaking sumakay sa motorsiklo kanina. Curious lang siya kung saan ito nakatira, kaso nakalayo na ito ay hindi pa rin lumalabas ang kaibigan.

“Para s’an na naman ’yan?” tanong ni Lucy nang hindi makaligtas sa matalas na pandinig nito ang pagbuntung-hininga niya.

“Sorry, naiinis lang naman ako d’on sa mayabang na lalaking may-ari ng motorsiklo,” tugon niya. Pero hindi siya sigurado kung totoo ngang naiinis siya kumag na iyon o mas naiinis siya sa sarili. She

shouldn't have acted the way she did; masyado niya yatang pinahalata na attracted siya rito.

Pero... attracted naman talaga siya kay Long Hair, what's the use of denying it? Matanda na rin naman siya at malas lang ng lalaki dahil ito ang natipuhan niya; what Marge wants, she gets.

Humanda ka lang, aniya sa sarili, may nabuong balak sa isip.

“And what's that smile for?” waring natatakot na tanong ng kaibigan. Takot na ito kapag napapangiti siya nang mag-isa, alam na nito kung bakit; may naiisip na naman siyang kalokohan.

2

Kahit inaantok pa, tumuloy pa rin si Marge sa boutique niya sa *Shangri-La Plaza* sa Mandaluyong. Idinaan na lang niya si Lucy sa condominium na tinutuluyan nila.

Halos siya pa lang ang tao roon, mas pabor naman sa kanya dahil walang istorbo. Inayos niya ang mga transactions para sa araw na iyon; ang mga deliveries na darating. Siya ang personal na nag-check ng mga bagong dating na mga damit, weekly ay nagpapalit sila ng displays at isinasauli rin nila ang mga damit na hindi mabili. Lahat halos ng mga paninda nila ay imported, minsan siya o si Lucy ang lumalabas ng bansa, kung hindi rin lang sila busy. They were business partners but she also had a business of her own; it was a resto-bar in *Global City*, malapit lang sa condo unit na tinitirhan niya.

Dahil sa kaabalahan sa mga negosyo, she didn't have much time for herself. Kung hindi nga lang siya pinilit ng kaibigan, hindi siya magpapa-parlor, na labis niyang pinagsisihan. Sumunod pa kasi siya sa uso samantalang mas gusto niya ang dating ayos ng buhok—straight and all-black.

Sumalit sa isipan niya ang lalaking nakita sa simbahan. Nagkaroon siya ngayon ng dahilan para tapusin ang simbang gabi.

Walang anu-ano ay ginulantang siya ng isang tinig.

“Ma’am... Ang aga ninyo namang pumasok ngayon,” nagulat na puna ni Zed, ang baklang supervisor ng boutique nila, nang makita siya sa loob ng maliit na opisina.

“Kakagulat ka naman,” saad niyang inayos ang mga pinirmahang papeles.

“Hindi bagay sa inyo ang looks mo ngayon, Ma’am,” komento nito matapos na mataman siyang tingnan.

“You think so?” Bigla, parang naging aware si Marge sa sasabihin ng ibang tao tungkol sa kanyang hitsura which was very unusual of her. Siya ang klase ng taong walang pakialam sa paligid niya.

“I think, mas bagay sa inyo ang straight na buhok at saka...” Medyo nag-alangan pa si Zed kung itutuloy ang pamumuna. Kilala kasing mataray ang among babae, ni hindi man lang magawang ngumiti.

“And what?” Parang biglang natakot si Marge sa

maririnig na worst description nito sa kanya.

“Kasi, Ma’am,” kagat-labing nagpatuloy ang kausap, “mukha po kayong bakla.”

“What!” Nanlaki ang butas ng ilong niya sa narinig. She felt insulted, pero alam niyang hindi siya iniinsulto nito. Mabuti nga at naglakas-loob ito na punahin siya.

“Ma’am, sorry po. Mas bagay po kasi sa inyo ang pagiging simple but elegant,” sincere na sabi ni Zed. Bigla ay parang nagsisi ito at pinuna pa siya.

Sinapo ng dalawang kamay ng dalaga ang kanyang mga pisngi, pakiramdam niya ay nag-iinit ang mga iyon. Siya, mukhang bakla sa bagong ayos?

“Why, you...!” Huminga siya nang malalim sa pagpipigil sa sarili na sabunutan ang kausap. “But, anyway, thanks. I really need it,” aniya na nagkibit-balikat at kinuha na ang dalang shoulder bag.

“Aalis na kayo, Ma’am?” gulat na tanong nito.

“Sinabi mo, hindi bagay sa ’kin ang ayos ko kaya pupunta ako sa parlor para ibalik sa dati ang buhok ko. Ikaw na’ng bahala sa boutique, ha?” Iniwan na niya ito. Naiiling na sinundan siya ng tingin ni Zed.

“Pare, don’t tell me na nagsimba ka na naman kanina?” pabirong tanong ni Steve sa lalaking panay ang hikab habang nakaupo sa swivel chair. Umupo ito sa isang visitor’s chair sa harap ng kanyang mesa.

“Alam mo namang panata ko na ‘yon, pare,” kibit-balikat ni Gilbert, presidente ng *R&M Advertising*.

“Wala sa hitsura mo,” pang-aalaska pa rin ng kaibigan. EVP ito sa kompanyang pag-aari niya. Nag-de-kuwatro ito habang pinagmamasdan siya.

“Bakit kaya hindi ka sumama sa ‘kin na magsimbang gabi one time?” biglang mungkahi niya.

“You know that I’m not an early riser,” angal nito. “Besides, hindi ako makakapag-drive kapag inaantok.” Nagkunwari pa itong pipikit-pikit ang mga mata.

“Umangkas ka na lang sa motor ko.”

Nag-isip muna si Steve, tumingin sa bintana. “Okay, gusto mo lang ng karamay, ayaw mo pang derechahin. One thing, pare,” baling nito sa kanya, “may magaganda ba d’on?”

“Maganda?” Biglang sumalit sa isip ni Gilbert ang babaeng nakatayo sa tabi ng motorsiklo niya

kaninang madaling-araw. “Weird!” Iyon ang naisip niyang deskripsyon para rito but despite of being that, there was something about the lady. Any man would give her more than a second look kapag nakita ito sa unang pagkakataon. Hindi lang niya inamin iyon sa sarili kanina Maybe it was her sexy body or the way she carried herself. Nagmukha man itong weird sa hitsura, nagawa naman nitong gawing natural ang dating sa lahat.

“Hey, pare! Mukhang tinamaan ka diyan sa weird na ‘yan, ha!” untag ni Steve.

“You know I have a particular taste; may phobia na ako sa matangkad at kulot.” Hindi lingid sa kaibigan ang minsang kasawian niya sa pag-ibig.

“So that means kulot at matangkad ang chick na nakita mo kanina. Pero d’on ka pa rin tinatamaan?” paniniyak nito.

“Magtrabaho ka na nga,” taboy na niya.

Hindi siya nito pinakinggan, patuloy itong humirit, “Pare, you’re not getting any younger; you’re already thirty. Baka bukas makalawa, puti na lahat ng buhok mo at wala nang magkamaling magkagusto sa ‘yo.’”

“Look who’s talking? Mas matanda ka yata sa

‘kin,” buska niya.

“Mas marami naman akong girlfriend sa ‘yo.” Mabilis na tumayo si Steve at natatawang lumakad patungo sa pinto ng private office ng binata. Isinara kaagad nito iyon kaya hindi ito tinamaan ng nilamukos na papel na ibinato niya rito.

Pinilit ni Gilbert na ibalik ang atensyon sa ginagawa, pero pilit ding sumasalit sa isipan niya ang babaeng nakita kanina sa parking lot ng kapilya. It had been a long time since he last slept with a woman, kaya bigla na lang siyang nag-init pagkakita sa babae. He had a particular taste pagdating sa mga anak ni Eba, that was why she caught his attention. Somehow, he knew that the feeling was mutual, attracted din ito sa kanya. Pero paano kung kagaya rin ito ng babaeng naghabol sa kanya at halos sumira ng pangalan niya? Nag-iwan pa ito ng malaking responsibilidad na inaako niya ngayon.

“Woman, you’re driving me crazy and I hate the feeling!” hindi niya napigilang ibulalas.

Hindi na rin naman siya makakapagtrabaho nang maayos kaya naisipan niyang umuwi at iwan na lang kay Steve ang hindi natapos sa trabaho.

Wala ang kaibigan sa office nito kaya ibinilin

niya sa secretary nito ang mga gagawin.

Nakarating na siya sa parking lot. Habang palapit siya sa kinapaparadahan ng kanyang *Subaru Forester* ay may kinuha siya sa bulsa ng ng pantalon. Pinindot niya ang remote alarm ng sasakyan upang ma-unlock ang pinto. Nahawakan na niya ang doorhandle ng pinto sa driver side nang mahagip ng kanyang tingin ang isang babaeng papaibis sa itim na *Honda City*. He couldn't believe his eyes! Ang babaeng nakita niya sa kapilya!

Gustuhin man niyang lapitan ito, pero ano ang sasabihin niya? Hindi niya alam ang pangalan nito. Kung bakit naman kasi tatanga-tanga siya, hindi pa niya inalam ang pangalan nito kaninang madaling-araw.

Hanggang sa nakalayo na ang babae, nanatili siyang nakatayo sa tabi ng kanyang sasakyan. Wala man lang siyang nagawa upang makipagkilala rito. While it was true na may phobia na siya sa mga babaeng matangkad at kulot ang buhok, hindi niya maintindihan ang nararamdaman—attracted siya sa babaeng iyon na ganoon ang hitsura!

Pero sandali, babae ba talaga ito o bakla? But a part of his mind insisted that she was really a woman.

Weird! nasabi niya sa sarili. Naiiling na binuksan niya ang pinto sa driver side ng *Subaru Forester* at sumakay. Paharurot na pinaandar niya iyon palayo sa gusali ng kanyang opisina.

Minsan nang naloko si Gilbert ng isang babae. Matapos itong pagtiwalaan, hindi niya inakalang ito pala ang sisira sa kanya. Nalaman niyang marami itong masasamang bisyo tulad ng pagda-drugs. Ginawa na niya ang lahat ng pag-iintindi rito; pinilit niya itong baguhin bagaman alam niyang hindi tunay na pag-ibig ang nararamdaman niya para sa babaeng iyon. Hanggang nagulat na lang siya, isang araw ay nahuli niya itong kasama sa pot session. At ang masama pa, idinawit nito ang pangalan niya!

He was a prominent business tycoon, but all of the sudden, nasira ang pangalan niya nang dahil dito. Mabuti na lang at madali niyang naremedyuhan ang problema. Pero hindi roon nagtapos ang lahat, iniwanan pa siya nito ng remembrance bago parang bulang basta na lamang naglaho.

Bumusina siya sa tapat ng gate ng isang two-storey mansion. Nagmamadaling binuksan iyon ng unipormadong guard. Malayo pa lang, tanaw na niyang may naghihintay sa kanya sa bungad ng pinto ng kabahayan.

“Daddy!” salubong kaagad nito at niyakap pa siya nang mahigpit.

Ang iniwang mabigat na suliranin sa kanya ni Luz, ang babaeng sumira ng buhay niya, ay si Margareth. The child was six years old. Alam niyang hindi niya ito anak, pero hindi rin kaya ng kanyang konsyensya na basta lang iwan ito. Pinanindigan na niya ang responsibilidad dito tatal nag-iisa na lang siya sa buhay. His parents died in a plane crash when he was only sixteen. He tried his best to survive, nag-iisang anak lang kasi siya. Si Yaya Mara na ang nagpalaki at nag-aruga sa kanya at ngayon ay ito ang nag-aalaga sa batang itinuring na rin niyang tunay na anak.

“Kanina ka pa hinihintay niyan,” singit ng matandang tagapag-alaga na nakasunod sa bata.

“Bakit mo naman ako hinihintay?” malambing niyang baling sa anak at karga itong pumasok sa loob ng kabahayan.

“Kasi po, Daddy, you told me na magsa-shopping tayo,” sagot ng paslit.

“Did I say that?” pilit niya pang hinagilap sa isipan ang pangako sa anak.

“Yes, you did and you promised me we will go

shopping today,” nagmamaktol na turan nito.

“And what are you waiting for?” nakangiti nang tanong niya.

“Yehey!” Halos magtatalon pa ito sa tuwa matapos na bumaba mula sa mga bisig ng ama.

“Mabuti at naisipan mong ipasyal ‘yang batang ‘yan. Papasok sa eskuwelahan at uuwi sa bahay, iyon lang ang nagagawa. Wala namang kagaya niyang bata dito sa subdivision,” saad ni Yaya Mara na nasa likuran na pala niya.

“Masyado kasing busy sa trabaho, Yaya,” katuwiran niya sa matanda which was partly true; malapit na kasi ang Christmas kaya maraming trabaho sa opisina.

“Huwag mo nga akong bigyan ng ganyang katuwiran, Gilbert,” paasik na saad nito.

“Bakit hindi na rin kayo magbihis, Yaya? Sumama na rin kayo sa min,” nakangiting alok ng binata.

“Hindi ko tatanggihan ‘yan.” Iyon lang at pumanhik na rin ang tagapag-alaga para magpalit ng damit.

Naililing na napangiti si Gilbert habang tinatanaw

ng tingin sina Maggie at Yaya Mara. Kung sana ay may reyna ng tahanan, baka sakaling maging kompleto ang buhay niya. Ang lagi niyang dasal ay makita ang babaeng nararapat para sa kanya, pero mukhang mali na naman ang itinitibok ng puso niya.

Nagpa-advertise si Marge sa isang kilalang advertising company. Nang matapos ang pakay, naisipan niyang mag-window shopping. Dumerecho siya sa *SM Megamall*. Doon na rin siya nagpa-parlor; pina-straight na uli niya ang buhok, ipinatanggal ang highlights at nagpa-hot oil. Pinapalitan din niya ang kulay ng nail polish sa mga kamay at paa, from black to natural.

Nag-suggest ang beautician na ipa-layer niya ang buhok at pakulayan, pumayag na rin siya. Hindi siya nagsisi sa naging resulta, she looked gorgeous!

Hindi rin siya nanghinayang sa laki ng binayaran niya. Kabaligtaran noong pilit siyang dinala ni Lucy sa parlor, matigas ang pagtangga niya na bayaran ang pag-aayos ng beautician sa kanya kaya ang kaibigan ang nagbayad.

Pakiramdam niya nang mga oras na iyon, siya ang pinakamagandang babae na naglalakad sa mall.

Nakasuot siya ng black haltered blouse at nakalantad ang kalahating bahagi ng likod niya. Tinernuhan niya iyon ng hapit na black jeans at black closed shoes. Sinadya niyang magsuot ng sapatos na mataas ang takong just in case magkasalubong sila ni 'Long Hair'—ang ipinangalan niya sa lalaking nakita sa kapilya—hindi na siya maaalangan dito dahil kahit paano, nadagdagan din ang taas niya.

Parang ibong nakawala sa hawla, ginugol niya ang lahat ng oras sa pag-iikot sa naturang mall. Hanggang sa naisipan niyang mag-videoke, umakyat siya sa fifth floor kung saan naroon ang *Glico's*, ang entertainment zone.

Bumili siya ng sampung token at pumasok sa videoke room na napapalibutan ng salamin at may dancing lights pa sa loob.

Parang batang inihulog niya ang dalawang token at pumili ng kantang gustong awitin mula sa songbook.

She sang to her heart's content. Una niyang kinanta ang *Now and Forever* ng Air Supply, pagkuwa'y isinunod ang *Got To Believe In Magic* ni David Pomeranz.

Napatigil siya sa pagkanta nang may marinig

na pumalakpak sa likuran niya. Ang buong akala niya ay nag-iisa lang siya sa loob ng videoke room; may audience na pala siya. Lumapit siya sa bata at lumuhod sa tapat nito.

“Are you alone?” tanong niya.

Umiling ito. “No. I’m with my dad. Ang galing mo palang kumanta,” nakangiting sabi nito. “Can you sing another song for me, please?” nagsusumamong hiling nito.

Could she say no to this angel? Mahirap tanggihan ang kahilingan ng isang bata, lalo pa’t she was fond of children. She didn’t have a little sister but this one was old enough be her daughter.

“Okay, but sing with me,” paunlak niya rito. Ang bata na ang pinapili niya ng kantang alam nito. Sana ay alam niya ring kantahin ang mapipili nito.

3

Nagpalinga-linga si Gilbert, kanina pa niya hinahanap si Margareth pero hindi niya talaga makita. Nakatayo lang ito kanina sa tabi niya dahil tumitingin siya ng bagong cellphone sa display window ng isang sikat na telecommunications company. Paglingon niya sa anak, wala na ito. Nasa comfort room pa naman si Yaya Mara.

Binalikan niya ang amusement center na pinuntahan nila kanina. Napakunot-noo siya nang mapansin ang batang kasing-edad ni Margareth, karga ito ng isang babae at sa tingin niya ay kumakanta ang dalawa. He just wanted to make sure kung ang anak niya ang paslit kaya dahan-dahan siyang pumasok sa glass door.

Natiyak niyang si Margareth iyon nang marinig ang matinis nitong pagtawa nang mapapiyok ang babaeng may karga rito.

“Ayoko na, tinatawanan mo naman ako,” nagtatampong saad ni Marge sa bata.

“Natatawa po kasi ako sa ‘yo, Tita,” nakangiti pa ring sabi nito.

Nagtitigan sila hanggang sa sabay silang napatawa. Hindi niya maintindihan pero naramdaman niyang parang may iba pang tao sa loob ng videoke room bukod sa kanila kaya napatigil siya sa pagtawa.

Parang eksena sa pelikula, slow motion ang ginawa niyang paglingon dito at muntik na niyang maibagsak ang kargang bata nang mapagsino ang nanonood sa kanila.

“Daddy!”

Hindi na namalayan ng dalaga kung paano nakababa si Margareth mula sa pagkakakarga niya. Gaya ng una nilang pagkikita, nalulon na naman yata niya ang dila. Bakit ba ganito kalakas ang epekto sa kanya ni Long Hair?

Matiim namang pinagmasdan ni Gilbert ang babaeng kasama ng anak. Hindi siya maaaring magkamali, ito rin ang babaeng nakita kaninang umaga sa labas ng kapilya. Lihim siyang napangiti dahil iba ang hairstyle nito ngayon, natural na rin ang kulay ng mahahaba nitong kuko. Now he knew at once na hindi ito basta ordinaryong babae.

Napataas ang isang kilay ni Marge nang hindi nakaligtas sa matalas niyang paningin ang sinusupil

na ngiti ng lalaki.

“Excuse me, mister,” pagtataray niya rito. “Don’t you think you’re interrupting us?” Nakalimutan niyang tinawag itong ‘Daddy’ ng bata.

“Excuse me rin, miss...” Gaya ng una nilang pagkikita, muli siyang tiningnan ng lalaki mula ulo hanggang paa. But now he was sure that the lady in front of him was genuine, hindi bakla. “In case you don’t know, *anak* ko ang batang kasama mo. Bigla na lang siyang nawala sa tabi ko kaya hinanap ko siya. Mabuti na lang nakita ko siya dito na ikaw ang kasama. And as a father, I’m worried if my daughter is in good hands or...” Sinadya nitong ibitin ang sasabihin.

“Or what?” Namula ang mukha ni Marge sa sobrang galit. “Don’t you think na kapabayaang mo, sakaling may mangyaring masama sa anak mo? Ang lakas pa ng loob mong sabihing you’re worried. Kung sana binabantayan mo ang bata, hindi mawawala ‘yan sa paningin mo at hindi makakarating dito.” Galit na tinalikuran niya ito at pilit na tinutulak ang salamin sa tapat ng main passage.

“Tita, hindi po diyan ang pinto,” narinig niyang saad ni Margareth na karga na ng ama nito. “Doon po,” turo nito sa glass door sa likuran nila ni Gilbert.

“Hmph!” Inis na inismiran niya ang mga ito. Pati tuloy ang bata ay nadamay sa galit niya sa ama nito. Mabilis siyang lumayo sa *Glico’s*.

“Dad, bakit parang galit siya sa ‘tin?’” inosenteng tanong ni Margareth sa ama habang nakapila sila para bumili ng token. Humiling kasi ang bata na kumanta sila.

“Kasi sinabi mong mali ‘yung nilalabasan niya,” pagsisinungaling ni Gilbert na hindi mapigilan ang tinitimping tawa. Parang nakikini-kinita pa rin niya ang matinding pagkapahiya ng babae kanina.

“I’m just trying to help,” nakalabi pang saad ng anak.

“Yes, sweetheart, I know.”

“Galit din ba siya sa ‘kin?’” Bakas ang pag-aalala sa mukha ng paslit. Nakapasok na sila sa loob ng videoke room.

Hinaplos niya ang buhok nito. “It doesn’t matter.”

Nakahanap na sila ng kantang gusto nilang awitin mula sa songbook. Nagsimula na silang kumanta.

“Daddy, lagi tayong pupunta dito para lagi ko siyang makikita,” ungot ng anak mayamaya matapos

ang first song.

“Sweetheart, alam mong may office si Daddy, di ba? And may pasok ka na tomorrow.” Bigla siyang naawa kay Margareth. Masyado pa itong bata para paliwanagan niya ng lahat ng bagay. Alam niyang naghahanap din ito ng kalinga ng isang ina. Matanda na si Yaya Mara, alam niyang hindi na rin nito kayang punan ang pagkukulang ng isang ina.

“Alam mo ba, Dad, pareho kami ng name,” pagmamalaki pa ni Margareth.

“Really?” Bigla siyang naging interesado sa sasabihin ng bata tungkol dito.

“Yeah, but her name is....” Pilit nitong hinagilap sa isipan ang pangalan ng babae.

Gusto namang yugyugin ni Gilbert ang anak para maalala nito ang pangalan ng babaeng nakaengkuwentro nila.

“I remember!” Napapitik pa ang bata sa hangin. “Her name is Anne Margareth.”

“And what’s her family name?” sabik na tanong niya.

“She... she didn’t tell me.”

Para naman siyang binagsakan ng langit at lupa. Ilang babae ba ang nagngangalang Anne Margareth dito sa Pilipinas? Parang gusto niyang sisihin ang anak kasi hindi nito tinanong kung ano ang family name ng babae o hingin man lang ang telephone number.

Tinitigan siya ng bata. “Dad, are you mad?”

“Of course not, sweetheart. Tara na, baka hinihintay na tayo ni Yaya sa car,” aya niya. Katatapos lang nila ng pangalawang kanta.

Hanggang sa makarating ng condo unit si Marge, hindi pa rin maipinta ang mukha niya.

“Ang aga mo yatang umuwi?” bungad ni Lucy. Gaya ng dati, nauna itong nakauwi sa kanya.

“Nakakainis!” Inis na ibinalibag niya ang mga pinamili sa ibabaw ng sofa. Basta na lang niya inihagis sa kung saan ang hinubad na sapatos bago pasalampak na naupo roon.

“Bagay sa ‘yo ang bago mong hair style,” puna ng kaibigan na hindi man lang binigyan ng pansin ang hitsura niyang nakatalungko.

“Tama na, ‘wag mo na muna akong kausapin

ngayon,” singhal niya. “Masama ang araw ko at nagsimula lahat ‘yon nang magpasama kang magsimba sa ‘kin.”

“Ang demonyo talaga,” pang-aasar nito bago lumayo at nagpunta sa kusina.

Hindi na talaga malaman ni Marge kung ano ang mararamdaman para kay Long Hair. Kaninang umaga lang, parang gusto niya itong makita kaya nga siya nagpaayos sa parlor para paghandaan ang muli nilang pagtatagpo. All of the sudden, everything turned into a mess. Tulad ng una nilang pagkikita, natameme siya sa harapan nito. Lagi na lang siyang napapahiya rito.

“Hindi ko na kakayanin ‘to!” Para siyang nasiraan ng bait na nagmamadaling pumasok sa silid niya.

Nagtataakang sinundan siya ng tingin ng kaibigan nang bumalik ito sa sala pagkagaling sa kusina.

“Marge, are you all right? Do you want me to call your dad?” sigaw nito sa labas ng kuwarto niya.

“I’m all right!” ganting sigaw niya na hindi man lang nag-abalang magbukas ng pinto.

Para siyang tangang nakahiga sa kama at nakatingin sa kisame. Hindi maalís sa kanyang

isipan ang lalaki, karga ang anak nito.

Anak? Bigla siyang napabalikwas ng bangon. Bakit ba hindi kaagad pumasok sa isipan niya na may anak na si Long Hair? Mai-in love lang siya, sa lalaking may anak pa. In love na nga ba talaga siya? She was pretty sure about her feelings. Ang problema, siguradong mapapatay siya ng papa niya kapag nalaman nito na nagkakagusto siya sa isang de-pamilyadong lalaki.

She should forget him kahit masakit. Ngayon pa lang siya nagmahal, napurnada pa. Parang gusto na niyang maiyak dahil sa sitwasyon niya.

Naisipan niyang mag-shower. Baka sakaling kahit paano, mawala sa sistema niya ang imahe ng lalaki.

“Mabuti at lumabas ka na,” sermon ni Lucy nang makita siya. Nakahanda na ang mesa para sa hapunan nila. Masuwerte pa rin siya at narito ang kaibigan.

“Pasensya ka na kanina, ha?” hingi niya ng paumanhin bago humila ng upuan at sumabay na sa pagkain dito.

“Ano ba kasi’ng problema? Malay mo, I can help,” saad nito sa pagitan ng pagsubo.

“Let’s talk about it later.” Tahimik na ipinagpatuloy niya ang pagkain.

Nagkibit-balikat na lang si Lucy. Mag-iinuman sila mamaya kaya hindi na ito nangulit. “Hindi ka ba pupunta sa bar?”

“No, nand’on naman si Mitch kaya may kasama ka. I’m planning to take a long vacation,” bigla niyang nasabi.

Muntik na itong masamid sa narinig, bago iyon sa pandinig nito. Napatitig ito sa kanya. “Are you serious?” nagawa pa nitong itanong.

“Of course I am. I think I need time for myself.”

Tumangu-tango ito. “Good for you.”

She really needed time for herself, mukhang magiging malungkot ang Christmas niya.

“So, hindi mo na ako sasamahang magsimba bukas?”

“I’m really sorry, Lucy. I know you’ll understand once you heard my story,” malungkot na pahayag niya.

“Hindi naman siguro mala-*Titanic* ‘yan, ‘no!’” biro nito.

Gustong matawa ni Marge sa sarili. Para namang naging sila ng lalaking iniisip; ni pangalan nga nito, hindi niya alam. All she knew about that man was the fact na pamilyado na ito and he had a very nice daughter, malay niya ba kung hindi lang iisa ang anak nito. But she didn't see any ring on his finger. Siguro hindi pa ito kasal; uso naman ngayon ang live-in, di ba?

Tinulungan muna niya ang kaibigan na mag-imis ng pinagkainan. Wala silang katulong; mas gusto nila na silang dalawa lamang ang magkasama sa condo unit.

4

“So, that’s it. You fell in love at first sight sa lalaking nakita mo kaninang umaga and you saw him again this afternoon kasama ang anak niya,” conclusion ni Lucy nang matapos magkuwento ni Marge ng problema niya. Nandoon sila sa sala; magkatabing nakaupo sa sofa at nag-iinuman.

Tumango siya. “Yeah.”

“Don’t you think infatuation lang ang naramdaman mo sa kanya?” pangongontra nito.

“Hello! Lucy, I’m already twenty-five, old enough to know the difference between infatuation and love, and of course, lust.”

“Baka nga pinagnanasaan mo lang ang katawan n’on.” Medyo tipsy na ito sa dami ng naiinom.

Pinaikot niya sa rim ng baso ang hintuturo. “Okay, I admit he’s a gorgeous hunk. He makes me feel sexy. Hindi mo naman maaalis sa ‘kin ‘yon. I’m only human, may kahinaan din.”

“At may pangangailangan din,” dagdag pa nito. “Ewan ko nga ba sa ‘yo, you reached that age and

you're still a virgin. Balak mo bang magpakaburo?" Nagsalin ito ng beer sa baso at tinungga ang likido.

"I still believe in the sacrament of marriage."

Tumaas ang kilay nito. "And then what? After a month or a couple of years, maghihiwalay din kayo."

"Kaya ba ayaw mong magpakasal?" naisipan niyang itanong. Hinaplos niya ang baso para alisin ang mist na namuo sa paligid niyon dahil sa yelo.

Umiling si Lucy. "No. Dahil walang may gustong mag-aya ng kasal sa 'kin." She couldn't hide the bitterness in her voice.

"Maybe because you haven't found the right guy for you," pang-aalo niya.

"O kaya dahil wala nang matinong lalaki ngayon." Inihilig ni Lucy ang ulo nito sa sandalan ng sofa.

"I know, may tamang lalaking nakalaan para lang sa 'yo," saad ni Marge. Nalulungkot man siya para sa kaibigan, mas nalulungkot siya para sa sarili. She had found the right guy for her but it was too late. Kung maaga lang sana silang nagkita, baka sakaling siya ang napangasawa nito at anak nila si Margareth.

Napatingin siya kay Lucy, nakatulog na ito sa sobrang kalasingan. Hindi siya sigurado kung magiging ito bukas para magsimbang gabi but she was sure of one thing; alam niyang gumaan ang pakiramdam nito gayundin siya. Kahit paano, nabawasan ang paninikip ng dibdib niya sa paglalalahad ng problema tungkol sa lalaking nagkaroon na ng puwang sa kanyang puso.

Hindi pa siya gaanong lasing dahil nakakatayo naman siya. Niligpit na muna niya ang mga basyo ng bote ng beer pati ang mga baso at inilagay sa kusina. Pumasok siya sa silid ni Lucy at kinuha ang kumot nito. Kinumutan niya ang kaibigang nakatulog na sa sofa bago siya pumasok sa sariling silid.

Pipilitin niyang bumangon nang maaga, gusto niyang magsimba. Hindi para makita si Long Hair, ang lalaking hindi na yata niya malalaman man lang ang pangalan kahit kailan.

Nakatulugan na ni Marge ang pag-iisip sa napasok na problema. Nagising na lang siya sa lakas ng alarm ng cellphone niya. Ini-set niya ang oras sa alas dos y media. May oras pa siya para mag-ayos ng sarili. Bumangon na siya para maligo.

Nakagayak na siya at dahan-dahang lumabas ng kuwarto. Mabuti na lang at hindi nagising ang kaibigan sa lakas ng tunog ng cellphone niya kanina. Hindi na niya kailangang magpaliwang dito kung saan siya pupunta.

Buo na ang desisyon niya. Iiwasan niyang magkasalubong ang landas nila ng lalaki upang hindi lumalim ang nararamdaman niya para rito.

Kanina pa palinga-linga si Gilbert sa parking lot ng *Holy Child Chapel*. Malapit nang magsimula ang misa pero nananatili lang siyang nakatayo sa tabi ng motorsiklo niya. Panay ang tingin niya sa mga kotseng paparating pati na rin sa kanyang wristwatch.

“Hey, pare, magsisimula na ang misa,” untag ni Steve. “Don’t tell me na dito sa simbahan ang tagpuan ninyo?” anitong nakahalatang may hinihintay siya. “Pare, hindi ka na teenager. You’re thirty so grow up,” biro pa nito.

“Shut up, Steve! Pumasok ka na d’on, susunod na ‘ko.” Napipikon na talaga siya sa kaibigan, kung wala lang sila sa labas ng kapilya baka bugbog-sarado na ito sa kanya.

He was losing hope. Mukhang hindi na darating ang hinihintay niya, si Anne Margareth.

Bagsak ang mga balikat na pumasok na rin siya sa kapilya. Sigurado na talaga siyang hindi babalik ang babae.

Si Marge naman ay matamang nakikinig sa sermon ng pari. Sa *Saint Michael* siya nagsimba bilang unang hakbang sa pag-iwas niya sa ama ni Margareth.

Noon ay ipinagdadasal niyang sana ay matagpuan na niya ang lalaking magiging katuwang niya sa pagbuo ng isang pamilya. Pero ngayon, iba na ang naging kahilingan niya; na makayanan niya ang kabiguang nararanasan.

Sakay ng *Honda City*, pauwi na siya nang may mamataan siyang batang babae na papalabas ng malaking gate ng isang mansion. Napapreno siya. Hindi siya maaaring magkamali, si Margareth iyon! Akay-akay ito ng isang matanda. Tantiya niya ay yaya nito ang kasama.

Bakit ba sadyang napakaliit ng mundo sa kanilang dalawa ni Long Hair? Akalain ba niyang sa loob din pala *Fort Bonifacio* nakatira ang mga ito.

“Small world, huh!” bulong niya.

Bababa sana siya ng sasakyan para kumustahin ang bata nang mapansin niya na paparating ang ama nito.

Mukhang kagagaling din nito sa simbahan. May nakaangkas na lalaki sa likuran nito.

“Daddy!” narinig niya tawag ni Margareth sa ama.

Pilit na hinahagilap ng mga mata niya kung may babaeng lalabas, pero bigo siya. Naisip niyang siguro ay natutulog pa ito. Napagawi ang mga mata niya kay Long Hair. Bakit ba hindi mabawasan ang pagtingin niya rito gayung maliwanag pa sa sikat ng araw na may asawa at anak na ito?

Malakas na busina ang gumulat sa kanya. Nagkandahaba na pala ang traffic dahil sa biglang paghinto niya.

Napansin ni Marge na napatingin sa gawi niya ang mag-ama kaya mabilis niyang pinaandar ang sasakyan.

“Siguro nakatulog pa ‘yong nagmamaneho,” komento ni Steve nang mapansing hinahabol pa rin ng tingin ng kaibigan ang sasakyang papalayo.

“Daddy, sinabi ko po sasama akong magsimba,” saad ni Margareth habang akay ni Gilbert papasok sa kabahayan. Parang namumukhaan niya ang kotseng humarurot kanina, hindi lang niya maisip kung saan niya nakita iyon. Of course, very common naman ang itim na *Honda City*, pero parang iba ang dating niyon sa kanya.

“Pasensya ka na, Maggie,” saad ni Steve sa batang hindi man lang pinansin ni Gilbert. “Hindi kasi nakita ng daddy mo ang apple of his eyes,” pang-aasar pa nito na sa kanya nakatingin.

“Daddy, akala ko ba ako lang ang apple of your eyes?” anang bata, wari’y nagselos.

“Of course naman, sweetheart. Niloloko ka lang ng Tito Steve mo, di ba?” Pinandilatan pa niya ng mata ang kaibigan.

“Oo na,” patianod nito at itinuloy ang pagpasok sa loob ng bahay.

“Hoy! Hindi ka pa ba uuwi?” pahabol na tanong niya.

“Makikialmusal na muna ako. Baka nakakalimutan mo, alas dos pa lang kaninang madaling-araw, nambubulahaw ka na sa bahay,” hirit ng kaibigan.

“Paano, para kang mantika kung matulog,” aniya. Nakarating na sila sa sala.

“Sabihin mo, excited ka lang. Kaso mukhang hindi ka sinipot. May pa-weird-weird ka pang nalalaman,” biro nito.

“Daddy, who’s weird?” takang tanong ni Maggie na matamang nakikinig sa dalawang lalaki.

“Wala ‘yon, sweetheart. Hindi ka pa ba nag-aalmusal? May pasok ka pa, di ba?” pag-iwas niya.

“Malapit lang naman po ‘yung school,” katuwiran nito. Sa *Montessori* ito nag-aaral, walking distance lang mula sa bahay nila.

“Kumain na tayo, nagugutom na ‘ko,” reklamo sa kanila ni Steve na nagtuloy na sa kusina. “Magha-half day lang ako ngayon, Gilbert. Hindi mo ako mapapag-report sa opisina nang ganito ang hitsura ko.”

Naiiling na sinulyapan ni Gilbert ang lalaki. Mukhang wala na itong magagawa sa maghapon kundi ang matulog.

Nag-umpisa na silang kumain ng agahan.

“Yeah, Tito Steve. Ang pangit ninyo nga po ngayon,” sabat ni Margareth na nakaupo sa tabi ng

ama.

“See? Manang-mana talaga sa ‘yo ‘yang anak mo. Tinawag pa akong ‘Tito,’ pipintasan lang pala ako,” maktol ng kaibigan niya.

“Kasi sinabi ni Daddy, ‘wag daw magsisinungaling.”

“Ano ba’ng itinuturo mo d’yan, pare?” baling ni Gilbert sa kaibigan.

“Ako ang tatanungin mo, ikaw ang tatay niyan.”

“Finish your food, Maggie,” utos niya sa bata. Hindi pa rin maalis sa isip niya si Anne Margareth. Kahit saan siya tumingin ay ang maamong mukha nito ang nakikita niya.

Hindi muna umuwi si Marge sa condo unit pagkagaling sa kapilya. Tumuloy siya sa bahay nila sa *Forbes Park* upang bisitahin ang mga magulang. Matagal na siyang hindi nagagawi roon kaya tuwang-tuwa ang kanyang ina nang makita siya. Blangko man ang ekspresyon, alam niyang natutuwa rin ang ama, masyado kasi itong ma-pride. Nasa dining room ang mag-asawa at nag-aalmusal. Sinabayan na niya sa pagkain ang mga ito.

“Don’t you miss me too, Dad?” nagtatampong baling niya kay General Salcedo.

“Naku, hija! Lagi nga niyang tinatanong kung dumadaan ka dito o kaya’y tumatawag,” sagot ni Mrs. Antonina Salcedo para sa kanyang ama.

“Naaprubahan na ang retirement ko. We could spend the holidays in LA,” anang matandang lalaki, iniba ang tema ng usapan.

“Really, Dad? Well, that’s indeed a good news.” Hindi niya maitago ang kasiyahan para sa mga magulang.

“You’ll come with us,” maawtoridad ang tono na saad nito. Alam na kasi nitong hindi sasama ang anak.

“I’d love to. Pero, Dad, alam mong abala ako sa dalawang negosyo ko. Hindi ko na nga alam kung paano ko hahatiin ang katawan ko para ma-supervise pareho ang boutique at restaurant,” totoong katuwiran niya, pagkuwa’y humigop ng hot chocolate mula sa tasa.

“Excuses, excuses. Kailan ka ba naman mawawalan ng dahilan, Anne Margareth? Mula nang magsarili ka, lalong tumigas ang ulo mo,” galit na saad ng ama at iniwan sila sa mesa nang hindi pa

natatapos ang kinakain.

“Pagpasensyahan mo na ang daddy mo, hija.”
ani Mrs. Salcedo para paluwagin ang kalooban niya.

Ngumiti siya. “Thanks, Mom.”

“Hindi pala tayo magkakasama sa Pasko?”
Malungkot man ay pinipilit pa rin ng ginang na
ngumiti sa anak.

“I’m really sorry, Mom,” hingi niya ng paumanhin.
Mas gugustuhin pa niyang mag-Pasko mag-isa kaysa
mahawa ang mga magulang sa kalungkutan niya.

“It’s okay, hija. Alam kong marami ka talagang
trabaho, lalo na ngayong magpa-Pasko. Just take
care of yourself. Ako na’ng bahala sa daddy mo, I
know he’ll understand. Nagtatampo lang ‘yon dahil
unti-unting nawawala ang little daughter niya.
Huwag mo na siyang intindihin, matanda na kasi.”
biro pa nito.

“That’s why I love you, Mom. You’re the best.”
Tumayo si Marge mula sa kinauupuan at yumakap
dito. Kung sana ay masasabi niya sa ina ang
problema, baka matulungan siya nitong bigyan ng
solusyon ang heartache niya. Pero alam niyang hindi
niya magagawa iyon. Masasaktan ang ginang para
sa kanya.

“Magpapabalot ako ng pagkain para hindi ka na magluto sa tinutuluyan mo.” Hindi nag-aalala si Mrs. Salcedo sa pagkain ng anak dahil marunong siyang magluto.

“Baka tumaba ako niyan, Mommy,” nakangiting biro niya.

“Hindi ka naman tabain.” Nginitian siya nito, pagkuwa’y naalala ang kaibigan niya. “How’s Lucy?”

“Natutulog pa po siguro ‘yon, sa pad ko na po tumira.”

Napakunot-noo ito. “Hindi ba magkatapat ang units n’yo?”

Tumango ang dalaga. “Yeah, wala naman daw siyang kasama kaya hayun, lumipat sa unit ko.”

“Sino’ng nakatira ngayon sa pad niya?”

“Plano niyang paupahan na lang ‘yon,” aniya na nagkibit-balikat.

Tumangu-tango ang ginang. “At least, matatahimik na kami ng papa mo, may kasama ka naman pala sa tinutuluyan mo.”

“I have to go, Mom,” paalam niya.

“Kadarating mo pa lang, aalis ka na naman.”

Hindi na nito naitago ang lungkot.

“Iniwan ko po kasing natutulog pa si Lucy.”

Walang magawa ang ginang kundi ang ihatid siya sa kinapaparadahan ng kanyang sasakyan.

“Mom, ihalik mo na lang ako kay Daddy,” sabi ni Marge matapos humalik dito. “Inform me kung kailan kayo aalis and give my regards to my brother and his family,” dugtong niya bago sumakay ng kotse. Kumaway pa siya sa ina nang makalayo.

Tulog pa rin si Lucy nang makabalik si Marge sa pad. Ininit na lang niya ang dalang pagkain at nagsimulang maglinis ng kuwarto. Mamaya na lang niya lilinisin ang sala dahil natutulog pa ang kaibigan.

“Gising ka na pala,” puna niya sa kasama nang muli siyang lumabas ng silid.

“Tinanghali na pala ako ng gising,” anitong naginat. Nahihirapan itong imulat ang mga mata dahil inaantok pa.

“Don’t worry, tumawag na ako sa boutique. I told them na hindi tayo makakapasok ngayon.”

Nawala ang natitira pa nitong antok sa narinig. Bibihira kasi na sabay silang mawawala sa boutique.

“May lakad ka ba?” hindi na napigilang tanong nito.

“Tayong dalawa. Malapit na ang Christmas, wala pa rin tayong Christmas decor dito sa bahay.”

Nanlaki ang mga mata nito. “You mean, bibili tayong dalawa?”

“Oo naman, hindi ko kayang mag-isa ‘yon.” Alam niyang hindi makapaniwala ang babae; dalawang taon na siyang nakatira sa condo unit na iyon pero ngayon pa lang siya maglalagay ng mga Christmas decor. Madalas kasi na ginugugol niya ang holidays sa bahay nila sa *Forbes Park*.

“Uuwi ka ba sa Pasko?” naisipan niyang itanong dito habang tinitimplahan ito ng kape.

Tumango ito habang nagsesepilyo. Hindi na siya nito tinanong; ang akala nito ay uuwi rin siya sa kanilang bahay.

It was going to be a lonely Christmas for Marge. Dadaan na lang siguro ang Pasko na parang ordinaryong araw lang sa kanya.

“Why don’t you join me?” alok ni Lucy habang

nag-aalmusal ito.

“Tapos na ‘kong mag-agahan, galing ako kina Mommy.” Nagkasya na lang siya na panoorin ito.

“Bakit hindi mo ako ginising?” angal nito, nagsimulang makipag-argumento.

“Eh, para kang mantika kung matulog.”

“Nilasing mo kasi ako,” paninisi nito.

“Tatlong bote lang ng beer ang nainom mo, ‘no!’” Alam niyang hindi sanay uminom ang kaibigan.

Sinimangutan siya nito. “You know that I don’t really drink. Nagtataka nga ako sa ‘yo, naturingan kang anak ng general ‘tapos lasengga ka pala.”

“Hindi po ako lasengga. I only drink occasionally,” pagtatanggol niya sa sarili.

“Amen,” pagtatapos ni Lucy sa argumento nila.

Natutuwa si Marge dahil natalo niya ang kaibigan.